

OPISYAL NA PAHAYAG # 031820-2

3/18/2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyong ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS (Katanungan sa Media lamang), jic@longbeach.gov (Katanungan sa Media lamang), MGA RESIDENTE: Maaaring tumawag sa 562.570.INFO

Para sa Agarang Pahayag

City of Long Beach Announces Long Beach Disaster Relief Fund for COVID-19 Response

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach, sa pakikipagtulungan kasama ng Long Beach Community Foundation, ay ipinagmamalaki na i-anunsiyo ang pag-aktiba ng Long Beach Coronavirus Relief Fund. Ang mga kontribusyon sa pananalapi ay maaaring ibigay upang matulungan ang mga miyembro ng lokal na komunidad na kritikal na naapektuhan bilang resulta ng kasalukuyang pampublikong krisis sa kalusugan.

“Panahon na upang magsama at tulungan ang mga pinaka nangangailangan sa ating komunidad,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ipinagmamalaki naming ilunsad ang pondo na ito upang matulungan ang mga mababang kita na manggagawa, mga nakatatanda, mga may-ari ng maliliit na negosyo, at iba pa na nangangailangan ng agarang ginhawa at suporta. Kung mayroon kang mga mapagkukunan, mangyaring magbigay tungo sa pondong ito.”

Ang mga donasyon sa Pondo para sa Coronavirus Relief ay gagamitin ng eksklusibo upang tulungan ang mga residente ng Long Beach na naapektuhan ng COVID-19 at maaaring ibawas sa buwis. Ang pagpopondo ay ibabahagi sa 501(C)3 non-profit, pang-edukasyonal, at mga organisasyon ng gobyerno sa pamamagitan ng isang kahilingan para sa proseso ng panukala, na iaanunsiyo sa mga susunod na araw sa [website](#) ng Long Beach Community Foundation.

Ang mga donasyon ay maaaring gawin sa pamamagitan ng:

- **Text:** I-text ang “SupportLB” sa 501-55 at sundan ang mga idinikta upang mag-donate.
- **PayPal:** Gamitin ang PayPal online o ang aplikasyon ng smartphone sa @SupportLB.
- **Kard ng Kredito:** Bumisita sa longbeachcf.org upang kumpletuhin ang secure na form online.
- **Tseke:** Ang mga donasyon sa tseke ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo sa Long Beach Community Foundation, 400 Oceangate, Suite 800, Long Beach, CA 90802. Mangyaring isulat ang “Long Beach Coronavirus Relief Fund” sa seksyon ng memo ng iyong tseke.

“Ang aming prayoridad ay ang maging naa-access hangga’t maaari upang makatanggap ng mga donasyon. Anumang halaga ay makakatulong sa mga nangangailangan,” sabi ng Presidente ng Long Beach Community Foundation at Chief Executive Officer na si Marcelle Epley. “Sa mga darating na araw at mga linggo, magbibigay kami ng pondo sa mga organisasyon na pinaka-kwalipikado upang tulungan ang mga tao sa aming komunidad na naapektuhan ng

COVID-19. Ang mga non-profit ay maaaring pumunta sa aming website sa lalong madaling panahon at mag-aplay para sa pagpopondo ng gawad sa longbeachcf.org.”

Maaaring gamitin ang pagpopondo ng mga organisasyon na nakakamit ng mga kinakailangan ng Aplikasyon sa Gawad para sa mga layuning nagbibigay-kasiyahan sa isang kilalang pangangailangan ng komunidad. Ang pagpopondo ay maaaring magbago ayon sa pagkakaroon at pangangailangan.

Hinihikayat ng Lungsod ang lahat ng mga residente na bumisita sa www.longbeach.gov/COVID19 para sa napapanahong impormasyon sa COVID-19, at upang maiwasan ang maling impormasyon. Maaari mo ring sundin ang mga update, tip, at paunawa sa mga pahina ng social media ng Lungsod sa @LongBeachCity at @LBHealthDept at sa pagsunod sa hashtag #COVID19LongBeach.

Tungkol sa Disaster Relief Fund ng Long Beach

Noong 2018, itinatag ng Long Beach Community Foundation at ang Lungsod ng Long Beach ang Pondo para sa Kaluwagan sa Sakuna ng Long Beach para sa layunin ng pagbibigay ng pondo sa 501 C3 na mga non-profit na organisasyon at mga institusyon ng gobyerno at edukasyon para sa benepisyo ng mga residente ng Long Beach na nagdurusa sa mga epekto ng mga sakuna.

Tungkol sa Long Beach Community Foundation

Ang Long Beach Community Foundation ay isang 501(c)3 non-profit, pampublikong organisasyon na mayroong higit sa \$55 milyon na mga asset at 176 na mga charity fund. Ito ay itinatag noong 1996 upang makagawa ng mga madiskarteng gawad sa mga non-profit at pagtulong sa mga indibidwal na mga donor sa kanilang mga hangarin sa pagkakawanggawa ngayon at sa pamamagitan ng planong pagbibigay. Ang mga bayarin na sisingilin upang pamahalaan ang mga pondo ng kawanggawa sa Foundation ay direktang namumuhunan pabalik sa komunidad. Ang misyon ng LBCF ay ang pagsisimula ng positibong pagbabago para sa Long Beach sa pamamagitan ng pagkawanggawa, pangangasiwa, at paggawa ng istrategikong pagbibigay ng isang pangitain na maging pinakamataas na pangangasiwa ng mga endowment na nagsisilbi sa mga pangangailangan ng Long Beach magpakailanman. Ang pagpapatakbo ng LBCF ay pinamunuan ng Pangulo at CEO na si Marcelle Epley at ang pangangasiwa ay ibinigay ng Board Chair na si Gary DeLong, Vice Chair Robert Stemler, at mga miyembro ng Board na sina Michele Dobson, Bob Foster, Tony Gales, Mark Guillen, Donita Joseph, Annette Kashiwabara, Steve Keesal, Frank Newell, Suzanne Nosworthy, at Judy Ross.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 170 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

###